**ANG MGA INTENSYON SA PANALANGIN NG SANTO PAPA
NA KANYANG IPINAGKAKATIWALA SA KANYANG LAMBAT-PANALANGIN
PARA SA TAONG 2027**

## ENERO

### Upang muling matuklasan ang kapangyarihan ng panalangin

Ating ipanalangin na muling matuklasan ng lahat sa Simbahan ang kapangyarihan ng panalangin bilang isang personal na pakikipagtagpo sa Panginoon na bumabago sa ating mga puso at sa daigdig.

## PEBRERO

### Upang ang mga nangangalaga sa iba ay makaranas rin ng pag-aalaga

Ating ipanalangin na ang lahat ng nangangalaga sa pangkabuuhang kalusugan ng iba ay makatanggap rin ng suportang kinakailangan nila, upang taglay ang tiyaga, karunungan at katatagan ay magawa nilang buksan ang mga bagong landas patungo sa paghilom at pag-asa.

## MARSO

### Upang igalang ang dangal ng buhay ng tao

Ating ipanalangin na sa gitna ng kulturang nakatutok sa produksyon at madaliang resulta, magkaroon tayo ng kakayahang tuklasin at pahalagahan ang natatanging dangal ng bawat isa, kabilang na ang ating dangal at ang dangal ng ating kapwa

## ABRIL

### Upang ang sining ay maging regalo na mas nagpapalalim ng pagpapakatao

Ating ipanalangin upang ang sining ay makilala bilang isang tunay na regalo na mas nagpapalalim ng ating pagkatao, nagpapatayog sa ating diwa, at tumutulong sa ating pagmasdan ang kagandahan ng Diyos sa sangnilikha.

## MAYO

### Upang magkaroon ng mga oportunidad sa trabaho para sa lahat

Ating ipanalangin na ang pag-unlad ng teknolohiya ay magdala ng mararangal na oportunidad sa trabaho at ang pagtutulungan sa pagitan ng mga henerasyon ay maging daan upang mailaan ng bawat isa ang kanilang mga talento para sa ikabubuti ng lahat.

## HUNYO

**Para sa wastong paggamit ng artificial intelligence.**
Ating ipanalangin na ang artificial intelligence ay mapaunlad at maituon sa pagsulong ng dangal pantao at malaman natin kung paano ito gagamitin nang may karunungan.

## HULYO

**Para sa ating mga lolo't lola at mga matatanda.**
Ating ipanalangin na ang mga kasapi ng Simbahan ay laging pahalagahan ang yaman ng pananampalataya at karunungang hatid sa atin ng ating mga lolo't lola at mga matatanda at maging bukas upang matuto sa kanilang mga karanasan.

## AGOSTO

**Para sa bokasyon ng mga kabataan.**
Ating ipanalangin ang mga kabataan na sa paghahanap nila sa kanilang bokasyon ay makilala nila si Hesus bilang kaagapay sa paglalakbay na maaari nilang pagbuksan ng kanilang puso.

## SETYEMBRE

**Para sa pangkabuuhang pagbabagong-loob na makakalikasan.**
Ating ipanalangin na matutunan nating isabuhay ang isang bagong paraan ng pakikitungo sa kalikasan, pangalagaan ito nang may katarungan, at mahanap natin sa ating pagtunghay sa sangnilikha ang landas tungo sa mas mapagkalinga at mapagpasalamat na pamumuhay.

## OKTUBRE

**Para sa mga pamayanang Kristiyano.**
Ating ipanalangin upang ang bawat parokya, pamayanan at samahang Kristiyano ay maging isang sentro ng misyonerong paglilingkod na humuhubog ng mga bagong alagad na magsusulong sa Ebanghelyo.

## NOBYEMBRE

**Para makapasok ang mga migrante sa lipunan.**
Ating ipanalangin na sa pagdamay at pagkalinga ng Banal na Pamilya sa kanilang sariling karanasan ng paglalakbay at pagkabunot sa kanilang sariling bayan, matagpuan nawa ng mga migrante at naglalagalag ang mga pamayanang tatanggap sa kanila nang may dignidad, pagdamay at tunay na pagyakap.

## DISYEMBRE

**Para sa Kristiyanong bokasyon ng pamilya.**
Ating ipanalangin na ang mga Kristiyanong pamilya ay maging mga buhay na saksi ng Ebanghelyo sa lipunan at matutunan nila kung paano mas magiging mga punlaan kung saan yumayabong ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig.